

Modelong Banghay Aralin sa GMRC

Kuwartar 1

Aralin

6

Modelong Banghay-Aralin sa GMRC 5
Kuarter 1: Aralin 6 (para sa linggo 7)
TP 2023-2024

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2023-2024. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

Mga Tagabuo Manunulat: • Ace Adaya Sarmiento (Manuel L. Quezon Elementary School – SDO Manila) Tagasuri: • Elanor O. Bayten (Pamantasang Normal ng Pilipinas) Mga Tagapamahala Pamantasang Normal ng Pilipinas Sentro ng Pananaliksik para sa Kalidad Pangguro Quality SIMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

GMRC/BAITANG 5/UNANG KUWARTER (Aralin 6 – para sa Ikapitong linggo)

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng sariling pananampalataya, ng Banal na Aklat, babasahin o katumbas nito sa sariling pananampalataya o paniniwala.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbuo ng repleksiyon sa wastong pagpapakita ng kahalagahan at paglilinang ng sariling pananampalataya ayon sa pagbabasa at mga tanda mula Banal na Aklat.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Naisasabuhay at nakapagsasanay ang pananampalataya sa pamamagitan ng paglalaan ng oras ng pananalangin at pagbabasa ng mga Banal na Aklat. a. Naiisa-isa ang mga kahalagahan ng sariling pananampalataya b. Nahihinuha na ang kahalagahan ng sariling pananampalataya ay nagpapatatag ng kalooban na pinanggagalingan ng wastong asal at pag-alam ng mabuti at masama c. Nakabubuo ng repleksiyon o mga paraan ng pagbibigay-halaga sa sariling pananampalataya d. Naipaliliwanag na ang kahalagahan ng Banal na Aklat, babasahin o katumbas nito sa sariling pananampalataya o paniniwala ay mahalagang paraan upang maingat at mapalalim ang kaniyang pag-unawa sa mga mahalagang aral ng kinabibilangang relihiyon e. Naisasakilos ang wastong paggamit at pag-iingat ng Banal na Aklat, babasahin o katumbas nito ng sariling pananampalataya o paniniwala
C. Nilalaman	Ang kahalagahan ng sariling pananampalataya at ang pagbabasa at pagninilay ng gawi ayon sa Banal na Aklat ay nagpapatatag sa kalooban mula sa wastong pag-uugali at paggawa ng mabuti at pag-iwas sa masama.
D. Integrasyon	SEL – Pansariling Kamalayan; Mga kilalang talata (verses) sa Bibliya o mula sa Qur'an

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Akalain Mo. (2019, November 9). Ano ba ang Bibliya? Kwentong tagalog Kaalaman [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=_l6neotuBxc

Countryside Farmer. (2020, December 1). Judaismo (Mga Relihiyon sa Asya) [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=HAt1pZPVGMc>

Hasanah Media Agency. (2020, April 14). Ano ang Quran? [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=jnU8QLONWPA>

Kaalamang Daluyan. (2022, April 16). Buddhism | Relihiyong umusbong sa Timog asya [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=WlusiQ5SZuM>

Mapsontheweb. (2020, May 28). mapsontheweb. Tumblr. https://mapsontheweb.zoom-maps.com/post/619364959741198336/religion-in-the-philippines-2015#google_vignette

Service J. (2018). Divine Self-Enrichment and Human Well-Being: A Systematic Theological Inquiry with Special Reference to Development and Humanitarian Aid. Retrieved April 3, 2024 from https://www.academia.edu/43883348/Divine_Self_Enrichment_and_Human_Well_Being_A_Systematic_Theological_Inquiry_with_Special_Reference_to_Development_and_Humanitarian_Aid

Strike Spears. (2020, May 27). Ano nga ba ang Hinduismo at ano ang paniniwala ng mga Hindu (kasaysayan) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=dUmDV_JgrpY

OpenAI. (2024). ChatGPT (2024 version) [Large language model]. <https://chat.openai.com/chat>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

MGA TALA SA GURO

A. Pagkuha ng Dating Kaalaman

Unang araw

Maikling Balik-aral

Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain.

Gawain

Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot.


1. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa sarili at sa Diyos?

Ang mga halimbawang gawaing ito ay makakatulong upang higit na mapalalim ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa mga nakaraang aralin. Maaaring dagdagan ang mga aytem sa bawat gawain.

	a) Ang pananampalataya ay nagpapahina ng loob. b) Ang pananampalataya ay nagbibigay ng lakas at pag-asa. c) Hindi mahalaga ang pananampalataya sa Diyos. d) Ang pananampalataya ay humahadlang sa tagumpay. 2. Paano maaaring maipakita ang positibong pananaw sa pagmamahal sa sarili? a) Sa pamamagitan ng paghuhusga sa kapwa. b) Sa pamamagitan ng pamamahiya sa iba c) Sa pamamagitan ng pagtanggap at pag-unawa sa sarili. d) Ang pagmamahal sa sarili ay nagdudulot lamang ng kasakiman. 3. Ano ang kahalagahan ng pag-aaral at pagpapalakas ng pananampalataya? a) Ang pananampalataya ay nagpapahina ng loob b) Ang pag-aaral ng pananampalataya ay nagbibigay ng kaalaman at nagpapalakas ng pag-unawa sa mga bagay. c) Hindi kailangan ang pananampalataya sa buhay. d) Ang pananampalataya ay limitado lamang sa pagsimba. 4. Ano ang mga paraan upang mapalakas ang pananampalataya sa harap ng mga pagsubok? a) Sa pamamagitan ng pag-asa lamang. b) Sa pamamagitan ng pananatili sa komportableng kalagayan. c) Sa pamamagitan ng panalangin, pagbabasa ng banal na kasulatan, at pakikisama sa mga taong may matibay na pananampalataya. d) Sa pamamagitan ng pagsasabi ng masamang salita laban sa Diyos. 5. Ano ang mahalagang papel ng pagmamahal sa sarili sa proseso ng pag-unlad ng isang indibidwal? a) Ang pagmamahal sa sarili ay nagbibigay ng pundasyon para sa positibong pag-unlad at pagkabuo ng indibidwal.	Susi ng pagwawasto: 1. B 2. C 3. B 4. C 5. D
--	---	---

	b) Ang pagmamahal sa sarili ay pagpapakita din ng pagmamahal sa Lumikha. c) Ang pagmamahal sa sarili ay nagpapalakas ng loob anumang pagsubok ang kaharapin d) Lahat ng nabanggit	
B. Paglalahad ng Layunin	1. Panghihikayat na Gawain Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain. A. Panuto: Isipin ang mga aklat na iyong nabasa na. Pumili ng lima na iyong naging paborito, at isulat ang mga pamagat o pangalan ng mga ito sa mga larawan ng aklat na nasa ibaba. Mga Katanungan: 1. Alin sa mga sinulat mong aklat ang paborito mong basahin? Bakit? 2. Meron ba sa mga sinulat mong aklat ang may nilalaman na tungkol sa iyong pananampalataya o relihiyon? Alin ito? Bakit mo ito nagging paboritong basahin? 3. Kung ipapagawa muli sa iyo ang gawain, isusulat mo ba ang banal na aklat sa iyong kinabibilangang pananampalataya? Bakit? Bakit hindi?	Ang gawaing ito ay may malaking kontribusyon sa pagkuha ng pansin ng mga mag-aaral. Sundan ang modelo ng gawaing inihanda. Maaaring baguhin, palitan o dagdagan ang mga pamprosesong katanungan.

B. Panuto: Panoodin at suriin ang mga bidyu sa ibaba.

				
https://www.youtube.com/watch?v=jnU8QLONWPA	https://www.youtube.com/watch?v=l6netuBxc	https://www.youtube.com/watch?v=dUmDV_JgrpY	https://www.youtube.com/watch?v=WlusiqS5ZuM	https://www.youtube.com/watch?v=HAt1pZPVGMc

Mga katanungan:

1. Tungkol saan ang mga bidyu?
2. Bakit mahalagang malaman natin ang mga mahahalagang impormasyon sa mga banal na aklat sa ilang mga relihiyon?
3. Paano mo maipapakta ang paggalang sa mga banal na aklat o kasulatan sa bawat relihiyon ?

2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin

Ang banal na aklat ay napakahalaga sa ating pananampalataya. Ito ay isang espesyal na aklat na naglalaman ng mga salita at mga aral mula sa Diyos. Sa pamamagitan ng banal na aklat, natututunan natin ang tungkol sa ating kinikilalang Lumikha, sa Kanyang pag-ibig, at sa mga katuruan na dapat nating sundin upang maging mabubuting tao. Mayroong maraming banal na aklat, at sa bawat aklat na ito, makikita natin ang mga kuwento ng mga propeta, mga aral sa pagmamahal at pagpapatawad, at mga gabay sa tamang pag-uugali.

Sa pamamagitan ng pagbabasa at pagninilay sa banal na aklat, lumalalim ang ating pananampalataya at nauunawaan natin ang kahalagahan ng pagiging

Sa bahaging ito ng leksyon, maaaring gumamit ng iba pang mga bidyu na may kinalaman sa kahalagahan ng Banal na Aklat sa pananampalataya.

Maaaring baguhin, palitan o dagdagan ang mga pamprosesong katanungan.

Gamiting gabay ang nilalaman ng aralin na ito upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa.

	mabuting tao. Ito rin ang nagbibigay sa atin ng lakas at pag-asa sa mga panahong may mga hamon sa ating buhay. Kaya mahalaga na lagi nating suriin at unawain ang mga mensahe ng banal na aklat at sundan ang mga aral na itinuturo nito upang maging mas mabuting tao at mas malapit sa kanyang pananamalataya. Narito ang ilan sa mga pangunahing banal na aklat sa iba't ibang relihiyon: A. Kristiyanismo: Bibliya: Ang Bibliya ay binubuo ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. Sa Lumang Tipan, matatagpuan ang mga sinaunang katuruan at mga kuwento ng mga propeta. Sa Bagong Tipan naman mababasa ang mga salita at mga gawa ni Hesukristo at ng mga unang Kristiyano. B. Islam: Koran (Qur'an): Ang Koran ay itinuturing na pinakabanal na aklat sa Islam. Ito ay binubuo ng mga salita na itinuturing na ipinahayag mula kay Propeta Muhammad mula kay Allah. Naglalaman ito ng mga aral sa pananampalataya, etika, batas, at iba pa. C. Budismo: Tipitaka (Pali Canon): Ito ang pangunahing banal na aklat sa Theravada Buddhism. Binubuo ito ng tatlong bahagi: Vinaya Pitaka (mga alituntunin sa monastiko), Sutta Pitaka (mga sinasabi ni Buddha), at Abhidhamma Pitaka (mga teoretikal na pagsasalarawan). D. Hinduismo: Vedas (Bhagavad Gita): Isa sa mga pinakamahalagang teksto sa Hinduismo. Ito ay bahagi ng epikong Mahabharata at naglalaman ng mga turo ni Krishna kay Arjuna. Tinatalakay nito ang mga konsepto at mga tungkulin sa pananampalataya.	
--	--	--

E. Judaismo:

Tanakh: Binubuo ito ng tatlong bahagi: Torah (mga katuruan at kuwento ng panimula), Nevi'im (mga aklat ng mga propeta), at Ketuvim (mga aklat tulad ng Awit, Mga Kawikaan, at iba pa). Ang Torah, o Pentateuch, ang pinakamahalagang bahagi ng Tanakh.

3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin

Panuto: Isulat ang nawawalang letra sa bawat kahon upang mabuo ang hinahanap na salita. Gamiting gabay ang kahulugan ng bawat salita na nasa ibaba.

R		P		K			
E		A		I	I	K	
	M		Q	S	B	A	
			R	T		B	
			A		I		
Y		M		Y	A		
	M	P	4	N		H	
N	2					N	
1							
				O			
		Y					
		A					
		3					

mga kristiyano.

7. Ito ang tawag sa banal na aklat ng mga muslim.

8. Ito ay tumutukoy sa pangunahing pagpapahalaga na itinuturo sa lahat ng relihiyon o pananampalataya.

Mga Kahulugan:

1. Ito ay paniniwala na nagtuturo sa tao kung paano maging mabuti at moral, at kung paano mapalapit sa Diyos o sa mga banal na nilalang.
2. Sila ang mga taong kabilang sa relihiyon ng Islam.
3. Ito ay ang pagtitiwala at paniniwala sa isang bagay na nagbubunga ng pagkakaroon ng pag-asa.
4. Ito ay ang banal na aklat ng mga muslim.
5. Ito ang tawag sa relihiyong ng mga muslim.
6. Ito ang tawag sa relihiyon ng

Maaaring gumamit ng integrasyon ng teknolohiya sa paglalahad ng gawain na ito.

Susi ng Pagwawasto:

1. RELIHIYON
2. MUSLIM
3. PANANAMPALATAYA
4. QURAN
5. ISLAM
6. KRISTIYANISMO
7. BIBLIYA
8. KABUTIHAN

C. Paglinang at Pagpapalalim

Ikalawang araw


Kaugnay na Paksa 1: Pagpapakilala sa mga banal na aklat o babasahin sa mga piling pananampalataya sa bansa

Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain.

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Panuto: Suriin ang mapa ng pananamplataya (Religion Map) ng bansa.

https://mapsontheweb.zoom-maps.com/post/619364959741198336/religion-in-the-philippines-2015#google_vignette



Ang Pilipinas kagaya ng ibang mga bansa ay may mga iba't-ibang mga relihiyon. May Karapatan ang bawat mamamayan na pumili ng relihiyon o

Gamiting gabay ang mga gawain upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang aksa. Muling gamitin ang mga salita sa paghawan ng bokabulryo upang higit na matandaan ang mga kaulugan nito. Ang mga gawain ay bukas upang baguhin, dagdagan, o palitan ayon sa pangangailangan o ikakabuti ng mga ma-aaral.

	pananampalatayang nais niyang Samahan o salihan. Narito ang ilan sa mga pangunahing relihiyon sa Pilipinas: A. Katolisismo - Ang Katolisismo ang pinakamalaking relihiyon sa Pilipinas. Ito ay dala ng pagpasok ng mga Espanyol noong ika-16 siglo. Ang halos 80% ng populasyon ng Pilipinas ay Katoliko. B. Protestantismo - May mga iba't ibang denominasyon ng Protestante sa Pilipinas tulad ng Iglesia ni Cristo, United Church of Christ in the Philippines, United Methodist Church, at marami pang iba. Ang mga Protestante ay may malaking bilang din sa populasyon, lalo na sa mga lalawigan at sa ilang urban areas. C. Islam - Mayroong significant na populasyon ng mga Muslim sa Pilipinas, partikular sa Mindanao at sa mga karatig na rehiyon. Ang mga Muslim ay bumubuo ng mga 5-10% ng populasyon ng bansa. D. Iba't ibang Katutubong Relihiyon - Bago pa man dumating ang mga dayuhang relihiyon sa Pilipinas, mayroon nang mga katutubong pananampalataya sa iba't ibang tribo at kultura sa bansa. Marami sa mga ito ay nananatiling aktibo hanggang sa ngayon. E. Iba't ibang Sekta at Bagong Relihiyosong Kilusan - Bukod sa mga pangunahing relihiyon, mayroon ding mga sekta at bagong relihiyosong kilusan sa Pilipinas na may malaking impluwensiya sa ilang mga komunidad. Ito ay kinabibilangan ng mga grupo tulad ng Iglesia ni Cristo, Ang Dating Daan, at marami pang iba. 2. Pinatnubayang Pagsasanay Panuto: Pumili ng dalawang banal na aklat mula sa ating mga napag-aralan. Punan ang <i>graphic organizer</i> sa ibaba upang higit na maunawaan ang kahalagahan ng mga napiling banal na aklat sa pananampalataya. Maaaring gumamit ng mga mapapagkunan sa <i>internet</i> upang masagutan ito.	
--	--	--



A. Banal na Aklat: _____

Nilalaman:


B. Banal na Aklat: _____

Nilalaman:



3. Paglalapat at Pag-uugnay

Panuto: Isulat sa loob ng gitnang bilog ang banal na aklat sa iyong kinabibilangang pananampalataya. Isulat naman sa mga linya ang mga aral na natutunan mo sa pagbabasa at pag-aaral nito. Maaaring magdagdag ng mga linya sa paligid ng bilog.




Kaugnay na Paksa 2: Mga alituntunin at pamantayan sa kahalagahan ng banal na aklat

Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain.

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Panuto: Isulat sa harapan ng larawan ng aklat ang tawag o pangalan sa banal na aklat sa kinabibilangang relihiyon. Isulat sa unang kahon ang kahalagahan nito sa iyong pananampalataya, at sa ikalawang kahon naman ang mga alituntunin sa pangangalaga o pagbibigay halaga dito.



Kahalagahan ng Banal na Aklat sa pananampalataya:

Alituntunin sa Wastong Pangangalaga ng Banal na Aklat:

Susi ng Pagwawasto:
1. C

Pamantayan		Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman	Nailalahad nang tuwiran at maliwanang ang kasagutan.	10	
Organisasyon at Bararila	Naipapakita nang maayos ang ugnayan ng bawat pangungusap. Nakakagamit din ng wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.	5	
Orihinalidad	Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.	5	
Kabuuan		20	

Ikatlong araw

Kaugnay na Paksa 3: Kahalagahan ng banal na aklat sa ispiritwalidad ng tao
Gabayan ang mga mag-aaral habang ginagawa ang mga sumusunod na gawain

1. Pagproseso ng Pag-unawa

Ang banal na aklat, o mga sagradong teksto o sulatin, ay may mahalagang papel sa pananampalataya ng maraming tao, kasama na ang pamilyang Pilipino. Narito ang ilang mga halimbawa ng kahalagahan ng banal na aklat sa pananampalataya:

	A. Nagsisilbing gabay sa pananampalataya. -Ang banal na aklat ay naglalaman ng mga aral, turo, at gabay sa pamumuhay na nagmumula sa pinaniniwalaang Diyos o mga banal na nilalang. Ito ang nagbibigay-liwanag sa mga indibidwal tungkol sa tamang landas ng moralidad at pagpapahalaga. B. Nagbibigay daan sa pagpapalalim ng pananampalataya. - Sa pamamagitan ng pag-aaral at pag-unawa sa mga teksto ng banal na aklat, ang mga tao ay nagkakaroon ng pagkakataong palalimin ang kanilang pananampalataya at personal na ugnayan sa kanilang Diyos o Diyosa. C. Nagsasaad ng mga paraan ng pagbibigay-galang at pagsunod. - Ang mga banal na aklat ay naglalaman ng mga batas, kautusan, at mga payo na dapat sundin ng mga mananampalataya. Ito ang nagbibigay ng batayan para sa tamang pag-uugali at pakikisama sa lipunan. D. Nakakapagbigay pag-asa - Sa mga panahon ng pagsubok at pagdurusa, ang banal na aklat ay nagbibigay ng konsolasyon at pag-asa sa mga mananampalataya. Ang mga salita ng pag-asa, pagmamahal, at pangako ng biyaya ay nagbibigay-lakas sa mga naghihirap. E. Nagpapaalala ng mga paraan ng paghahanda sa mga Seremonya at ritwal. Ang mga banal na aklat ay naglalaman ng mga gabay para sa mga seremonya at ritwal ng pananampalataya, tulad ng mga kasal, binyag, at iba pa. Ito ay nagtutulong sa mga mananampalataya na maging maayos at makabuluhan ang kanilang partisipasyon sa mga seremonya. 2. Pinatnubayang Pagsasanay Panuto: Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipagawa sa bawat pangkat ang mga sumusunod na gawain. Inaasahan na maipapakita ng bawat pangkat ang kahalagahan ng banal na aklat sa pananampalataya ng tao gamit ang gawaing naatas sa kanila. 1. Tableau 2. Pagsasadula 3. Paggawa ng awitin	Hahatiin ang klase sa apat o walong pangkat. Papabunutin ang bawat grupo ng gawain na mapupunta sa kanila. Bibigyan ng 8-10 minuto ang klase upang maghanda, at bibigyan naman ng 2-3 minuto ang bawat pangkat upang ipakita ang kanilang nagawa.
--	---	--

	4. Paggawa ng tula 3. Paglalapat at Pag-uugnay Panuto: Sagutin ang katanungan sa ibaba. Gumamit ng 10-15 pangungusap sa iyong kasagutan. Paano maipapakita ang kahalagahan ng banal na aklat sa kinabibilangang pananampalataya? <table><tr><th>Pamantayan</th><th></th><th>Puntos</th><th>Nakuhang Puntos</th></tr><tr><td>Nilalaman</td><td>Nasasagot nang tuwiran at maliwanang ang katanungan.</td><td>10</td><td></td></tr><tr><td>Organisasyon at Bararila</td><td>Naipapakita nang maayos ang ugnayan ng bawat pangungusap. Nakakagamit din ng wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.</td><td>5</td><td></td></tr><tr><td>Orihinalidad</td><td>Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.</td><td>5</td><td></td></tr><tr><td colspan="2">Kabuuhan</td><td>20</td><td></td></tr></table>	Pamantayan		Puntos	Nakuhang Puntos	Nilalaman	Nasasagot nang tuwiran at maliwanang ang katanungan.	10		Organisasyon at Bararila	Naipapakita nang maayos ang ugnayan ng bawat pangungusap. Nakakagamit din ng wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.	5		Orihinalidad	Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.	5		Kabuuhan		20		
Pamantayan		Puntos	Nakuhang Puntos																			
Nilalaman	Nasasagot nang tuwiran at maliwanang ang katanungan.	10																				
Organisasyon at Bararila	Naipapakita nang maayos ang ugnayan ng bawat pangungusap. Nakakagamit din ng wastong mga bantas at wastong pagkakagamit ng malaki at maliit a letra.	5																				
Orihinalidad	Sariling ideya ang ginamit. Walang pagkakatulad sa ibang mga sulatin.	5																				
Kabuuhan		20																				
D. Paglalahat	Ikaapat na araw 1. Pabaong Pagkatuto																					

	Matapos mong malaman ang kahalagahan ng Banal na Aklat sa pananampalataya sa kinabibilangang relihiyon, mahalaga din na malaman mo ang wastong pangangalaga at paggalang dito. Ang wastong pangangalaga at paggalang sa mga banal na aklat ay mahalaga upang maipakita ang respeto at pagpapahalaga sa mga sagradong teksto ng isang relihiyon. Narito ang ilang mga paraan kung paano ito maipapatupad: A. Panatilihin ang kalinisan at kaayusan nito - ng mga banal na aklat ay dapat panatilihing malinis at maayos. Dapat itong ilagay sa isang lugar na malayo sa dumi at alikabok upang mapanatili ang kalidad at integridad ng aklat. Siguruhin na walang nakatuping pahina o matigas na bagay na nakaipit sa loob na maaring maging dahilan ng pagkapilas. Sa tuwing binabasa ang aklat, iwasan din na ilapit ito sa anumang inumin o tubig upang hindi Mabasa at mapunit. B. Maglaan ng isang maayos na taguan o lalagyanan nito - Sa karamihan ng relihiyosong tradisyon, ang mga banal na aklat ay inilalagay sa isang espesyal na lugar sa loob ng simbahan, templo, o altar. Dapat itong ituring na banal na lugar at igalang ng mga mananampalataya. C. Iwasang masira o paglaruan ito - ng mga banal na aklat ay hindi dapat paglaruan, sirain, o pagtakpan ng iba pang bagay. Dapat itong alagaan at pahalagahan upang mapanatili ang kanilang kabuuang pagiging sagrado. D. Palagian itong basahin at pag-aralan - ng wastong pangangalaga ay kinabibilangan din ng regular na pagbasa at pag-aaral ng mga banal na aklat. Sa pamamagitan nito, ang mga mananampalataya ay nagpapakita ng paggalang sa kanilang mga aral at turo, at nagpapalalim sa kanilang kaalaman sa kanilang pananampalataya. E. Unawain at igalang ang nilalaman nito - Sa pagbasa at pag-aaral ng mga banal na aklat, mahalaga rin na maintindihan at igalang ang kanilang nilalaman. Ito ay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga aral at turo na	Gamiting gabay ang nilalaman ng aralin na ito upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksa. Maaaring magdagdag ng mga nilalaman o gumamit ng organizer sa paglalahad nito sa klase.
--	---	---

	ipinapakita sa mga teksto, pati na rin ang pagkilala sa kanilang mga sagradong mensahe. Sa kabuuan, ang banal na aklat ay nagbibigay ng gabay, inspirasyon, at lakas sa pananampalataya ng mga tao. Ito ang nagpapalalim sa kaalaman at pag-unawa sa ating kinabibilangang relihiyon, at nagtuturo sa kanila ng tamang pamumuhay batay sa ating mga paniniwala. Nararapat lamang ang wastong pangangalaga at pagpapakita ng paggalang dito. 2. Pagninilay sa Pagkatuto Panuto: Punan ang <i>Pangakong Pahina</i> sa ibaba. Pangakong pahina Ako si _____ ay nangangakong isasabuhay ang wastong pangangalaga at paggalang sa _____ (tawag sa Banal na Aklat ng kinabibilangang relihiyon) sa pamamagitan ng _____ _____. Ang mga nakasulat dito ay aking gagamiting gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay at pakikisalamuha sa aking kapwa.	
--	---	--

IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit	Ang bahagi ng leksyon na ito ang susukat sa pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa paksa.

	Panuto: Basahin at suriin ang bawat pahayag. Isulat ang T sa patlang bago ang bawat bilang kung wasto ang isinasaad nito at M naman kung mali. _____ 1. Ang pagbabasa at pag-aaral ng mga banal na aklat ay nagbibigay-daan sa pagpapalalim ng pananampalataya at pag-unawa sa mga aral ng relihiyon. _____ 2. Mahalaga ang paglalagay ng mga banal na aklat sa isang espesyal na lugar tulad ng simbahan, templo, o altar _____ 3. Ang banal na aklat ay walang kahalagahan sa pananampalataya at hindi dapat pagtuunan ng pansin ng mga mananampalataya. _____ 4. Ang mga banal na aklat ay walang kahalagahan sa pananampalataya at maaaring ituring lamang na mga simpleng libro. _____ 5. Ang wastong pangangalaga ay kinabibilangan din ng regular na pagbasa at pag-aaral ng mga banal na aklat. _____ 6. Ang maruming Banal na Aklat ay pagpapakita na ito ay palagiang ginagamit at binabasa. _____ 7. Ang pagturo sa mga bata ng mga aral at kwento mula sa banal na aklat ay isa sa mga paraan upang palakasin ang kanilang pananampalataya. _____ 8. Ang kabutihan ang pangunahing layunin na nais ituro ng mga Banal na Aklat. _____ 9. Ang Q'uran ay ang tawag sa banal na aklat ng mga kristiyano. _____ 10. Hindi mahalaga ang regular na pagbasa at pag-aaral ng mga banal na aklat sa pananampalataya dahil hindi naman ito nagdudulot ng kahalagahan sa buhay ng isang tao. 2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin Panuto: Mag-survey ng sampung tao mula sa iyong pamilya o komunidad. Alamin ang kanilang relihiyong kinabibilangan at gaano sila kadalas magbasa ng Banal na	<i>Susi ng Pagwawasto:</i> 1. <i>T</i> 2. <i>T</i> 3. <i>M</i> 4. <i>M</i> 5. <i>T</i> 6. <i>M</i> 7. <i>T</i> 8. <i>T</i> 9. <i>M</i> 10. <i>M</i>
--	--	--

	Aklat. Isulat ito sa talahanayan sa ibaba. <i>(Iwasang isulat ang buong pangalan ng kinapanayam para sa kanilang kumpidensyalidad).</i> <table border="1" data-bbox="448 256 1644 780"> <thead> <tr> <th data-bbox="448 256 846 432">Taong Kinapanayam</th> <th data-bbox="846 256 1245 432">Relihiyon</th> <th data-bbox="1245 256 1644 432">Gaano kadalas magbasa ng Banal na Aklat? (Palagian, Madalas, Minsan lamang, Hindi nagbabasa)</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td data-bbox="448 432 846 780">1. 2. 3. 4. 5. 6. 7. 8. 9. 10</td> <td data-bbox="846 432 1245 780"></td> <td data-bbox="1245 432 1644 780"></td> </tr> </tbody> </table>			Taong Kinapanayam	Relihiyon	Gaano kadalas magbasa ng Banal na Aklat? (Palagian, Madalas, Minsan lamang, Hindi nagbabasa)	1. 2. 3. 4. 5. 6. 7. 8. 9. 10			
Taong Kinapanayam	Relihiyon	Gaano kadalas magbasa ng Banal na Aklat? (Palagian, Madalas, Minsan lamang, Hindi nagbabasa)								
1. 2. 3. 4. 5. 6. 7. 8. 9. 10										
B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang						
	Estratehiya									
	Kagamitan									

				karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ring maging isa sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			
	<i>At iba pa</i>			
C. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</i> <i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.

Inihanda ni: Ace Adaya Sarmiento

Sinuri ni: Elanor O. Bayten

<i>Institusyon:</i> Manuel L. Quezon Elementary School (SDO Manila)	<i>Institusyon:</i> Pamantasang Normal ng Pilipinas
--	--